



Binubuksan ng Lungsod ng Brampton ang mga lokasyon na pantulong sa Init para mapanatiling nalalamigan ang mga residente sa panahon ng Babala ng Init

BRAMPTON, ON (Hunyo 22, 2022) – Kasunod ng Babala ng Init na inisyu kahapon ng Rehiyon ng Peel para sa mga kondisyon simula sa araw na ito, Hunyo 21, pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pananatiling malamig.

Binuksan ng Lungsod ang mga lokasyon na pantulong sa init sa lahat ng gusali nito nan aa-access ng publiko (Brampton Civic Centre, City Hall, mga recreation centre, mga library) sa loob ng regular na mga oras na amy pasok.

Ang mga oras sa splash pad ng Lungsod ay 9 am hanggang 9 pm at ang Chinguacousy Park wading pool ay bukas sa mga weekend at mga holiday mula 10 am hanggang 8 pm, kung maganda ang panahon. [Ang mga lokasyon ay naririto.](#)

Maaaring mapapanatili ng mga Bramptonian ang sumusunod na mga tip sa isipan para makayanan ang init:

Limitahan ang aktibidad sa labas

Hinihikayat ang mga residente na limitahan ang aktibidad sa labas. Inirerekumenda rin na hindi magpainit sa araw ang publiko, uminom ng maraming tubig at manatili sa mga lugar na may air con o mga lugar na may lilim.

Mga indibidwal na nasa panganib

Ang mga senior at mga bata ay partikular na nasa panganib, at hinihikayat ang mga residente na kumustahin ang mga kaibigan at kapamilya nang birtwal o sa telepono na iniisip nila na maaaring madaling maapektuhan ng init ng panahon.

Mga Alagang Hayop

Mga tip para makatulong na mapanatiling nalalamigan ang mga alagang hayop:

- Panatilihing nasa loob ang inyong mga alagang hayop at pigilan ang paglalakad sa kanila sa init - kung napakainit ang mga semento para sa mga paang walang tsinelas o sapatos, napakainit din nito para sa mga paa ng hayop na walang sapin.
- Magbigay ng maraming sariwang tubig
- Panatilihing umiikot ang hangin sa loob ng bahay
- Limitahan ang oras sa ilalim ng araw at magbigay ng lilim

Sa maiinit na temperatura, huwag na huwag iwanan ang mga bata o mga alagang hayop na walang kasama sa mga behikulo.



Maging ligtas sa tubig

Pinapaalalahanan ang mga residente na mag-ingat malapit sa tubig:

- Palaging panatilihing naaabot ang mga bata kapag nasa tubig
- Huwag na huwag lumangoy nang nag-iisa
- Limitahan at kontrolin ang access sa mga pool sa likod ng bahay gamit ang bakod sa lahat na apat na bahagi
- Pagsuotin ng life jacket ang mga bata kapag nasa pool area o sa beach
- Piliin ang mga beach at pool na may nangangasiwang lifeguard para sa paglalangoy
- Bakantihin ang walang nagbabantay na wading pools at ang balde ng tubig kapag hindi ginagamit
- Kung kayo ay may pool o cottage, tiyakin na ang mga miyembro ng pamilya ay natututo ng mga skill na pansagip ng buhay

Para sa karagdagang impormasyon sa kaligtasan sa init, bisitahin ang www.brampton.ca at ang www.peelregion.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca